Mensahe Apat

## Ang mga Salita ng Diyos—ang Dibinong Panustos bilang Pagkain

Babasahin sa Kasulatan: Jer. 15:16; Deut. 8:3; Mat. 4:4; Juan 5:39-40; 6:50-51, 57, 63; Col. 3:16

**I. "Ang Iyong mga salita ay natagpuan at aking kinain ang mga ito"—Jer. 15:16a:**

A. Sa Biblia una ay taglay natin ang Diyos, at pagkatapos ay taglay natin ang pagsasalita ng Diyos, ang salita na lumalabas sa Kanyang bibig—Gen. 1:1, 3; Mat. 4:4.

B. Ang lahat ng Kasulatan ay inihinga ng Diyos; kaya, ang mga salita sa Kasulatan ay ang mga salita na lumalabas sa bibig ng Diyos—2 Tim. 3:16.

C. Ang Biblia bilang ang Salita ng Diyos ay ang pagsasakatawan ng Diyos, ni Kristo, ng Espiritu, at buhay—Juan 1:1, 4; 6:63; 14:6, 17, 20; 15:7; 1 Juan 1:1; Roma 8:2.

D. Ang Biblia bilang Salita ng Diyos ay binubuo ng tatlong elemento—si Kristo, ang kamatayan ni Kristo, at ang pagkabuhay na muli ni Kristo—Fil. 1:20-21; 2:16; 3:10-11; 4:13.

E. Ang mga salitang sinalita ng Panginoong Hesus ay espiritu at buhay—Juan 6:63:

1. Ang mga salitang sinalita ng Panginoon ay ang pagsasakatawan ng Espiritu ng buhay—Rom. 8:2.
2. Si Kristo ngayon ay ang Espiritung nagbibigay-buhay sa loob ng pagkabuhay na muli, at ang Espiritu ay naisakatawan sa Kanyang mga salita—1 Cor. 15:45b; 2 Cor. 3:17; Juan 1:1, 4; 6:63.
3. Kapag natatanggap natin ang Kanyang mga salita sa pamamagitan ng pag-eensayo ng ating espiritu, natatanggap natin ang Espiritu, na siyang buhay —5:39-40.

F. Ang salita ng Diyos ay ang dibinong panustos bilang pagkain upang pakainin tayo—Deut. 8:3; Matt. 4:4:

1. Ang dibinong konsepto hinggil sa salita ng Diyos ay yaong ito ay pagkain na sa pamamagitan nito ay napakakain tayo —1 Cor. 3:1-2a; Heb. 5:12-14.
2. Ang salita ng Diyos ay ang Diyos Mismo bilang ating pagkain—Juan 1:1, 4, 14; 6:33, 51, 57.
3. Kinuha ng Panginoong Hesus ang salita ng Diyos sa mga Kasulatan bilang Kanyang tinapay at namuhay sa pamamagitan nito —Mat. 4:4.
4. Every word that proceeds out through the mouth of God is spiritual food to nourish us; this is the food by which we must live—John 6:51, 57.
5. Sa pamamagitan ng salita bilang ating pagkain, ipinamamahagi ng Diyos ang Kanyang kayamanan tungo sa ating panloob na katauhan upang tayo ay mabuuan ng Kanyang elemento.

G. Ayon sa buong pahayag sa Banal na Biblia, ang mga salita ng Diyos ay mabuti upang kainin natin, at kailangan nating kainin ang mga ito—Aw. 119:103; Mat. 4:4; Heb. 5:12-14; 1 Ped. 2:2-3:

1. Ninanais ng Diyos na kainin, tunawin, at asimilahin Siya ng tao—Juan 6:50-51, 57:
    a. Ang kumain ay ang kaugnayin ang mga bagay na nasa labas natin at tanggapin ang mga ito sa loob natin, na may resulta na ang mga ito sa kalaunan ay maging ating kabuuan —Gen. 2:16-17.
    b. Ang kumain ay ang kumuha ng pagkain sa loob natin upang ito ay organikong maasimila tungo sa ating katawan—Juan 6:48, 50.

    c. Ang mga salita ng Diyos bilang pagkain na kinain, tinunaw, at inasimila natin sa katunayan ay nagiging tayo; ito ay ang salita na nagiging ating pagkakabuo —Mat. 4:4; Col. 3:16.
2. Sa tuwing binabasa natin ang Biblia, dapat tayong lumapit sa Panginoon para sa buhay at kainin ang tinapay ng buhay, na siyang si Kristo Mismo—Juan 5:39-40; 6:48, 50-51, 57.
3. Ang kainin ang Panginoon bilang ang salita ay ang kunin Siya paloob bilang ating panustos-buhay; Siya ang tinapay ng buhay upang kainin natin—bb. 48, 51.
4. Ang paraan upang kainin ang Panginoon ay ang ipanalangin ang Salita; ang ibasa-dalangin ang Salita ng Diyos ay ang ensayuhin ang ating espiritu upang kainin ang salita—Efe. 6:17-18.
5. Lalo nating kinakain ang mga salita ng Diyos, lalo tayong mabubuuan at matitigmakan ni Kristo—Gal. 4:19; Efe. 3:17; Col. 3:4, 10-11.
6. Habang kinakain natin ang Panginoong Hesus, kailangan nating magkaroon ng wastong espiritwal na pagtunaw—Ezek. 2:8—3:3; Jer. 15:16; Apoc. 10:9-10:
    a. Kung tayo ay may magandang pagtunaw, magkakaroon ng daanan upang makapasok ang pagkain sa bawat bahagi ng ating panloob na katauhan—Efe. 3:16-17a.
    b. Ang hindi matunawan ay nangangahulugang walang paraan na makapasok si Kristo bilang ang espiritwal na pagkain tungo sa ating mga panloob na bahagi—Heb. 3:12-13, 15; 4:2.
    c. Kailangan nating panatilihin ang ating buong katauhan kasama ang lahat ng ating panloob na bahagi na bukás sa Panginoon upang ang espiritwal na pagkain ay magkaroon ng daanan sa loob natin; kung gagawin natin ito, magkakaroon tayo ng wastong pagtunaw at pag-asimila, masisipsip natin si Kristo bilang espiritwal na pagkain, at si Kristo ay magiging ating kabuuan—Col. 3:4, 10-11.
7. Dahil tayo ay kung ano ang kinakain natin, kung kakainin natin ang Diyos bilang ating pagkain, tayo ay magiging kaisa ng Diyos at magiging Diyos sa buhay at kalikasan subalit hindi sa Pagka-Diyos—Juan 1:1, 14; 6:32-33, 48, 51, 57.

**II. "Ang Iyong mga salita ay naging katuwaan at kagalakan ng aking puso"—Jer. 15:16b:**

A. Bagama't si Jeremias ay nagdusa nang higit kaysa sa lahat ng iba pang propeta, mayroon siyang katuwaan at kagalakan sa kanyang puso sa tuwing nasusumpungan niya ang mga salita ng Diyos at kinakain ang mga ito—b. 16.

B. Ang salitang *naging* sa bersikulo 16 ay nagpapahiwatig na ang katuwaan at kagalakan ay isang kinalabasan ng mga salita ng Diyos na kinain, tinunaw, inasimila, at naibuo tungo sa ating panloob na katauhan, sinasanhi ang kagalakan ng Panginoon na maging ating kagalakan—Juan 15:7, 10-11:
1. Kapag kinakain natin ang mga salita ng Diyos, ang Kanyang salita ay nagiging ang katuwaan at kagalakan ng ating puso—Jer. 15:16.
2. Pagkatapos matanggap ang mga salita ng Diyos tungo sa atin at maasimila tungo sa ating mga panloob na bahagi, ang mga salitang ito ay nagiging kagalakan sa loob at katuwaan sa labas.

C. Ang Diyos ay Diyos ng kagalakan, at ninanais Niya na tamasahin natin Siya—Neh. 8:10; Aw. 36:8:

1. Isang matamis na kaisipan na inihayag sa Salita ng Diyos ay yaong sa loob ni Kristo ay ibinigay ng Diyos ang Kanyang sarili sa atin bilang biyaya upang maging ating katamasahan—Juan 1:14, 16-17; 2 Cor. 13:14.
2. Sa unang pagtukoy sa Biblia sa kaugnayan ng Diyos sa tao, itinanghal ng Diyos ang Kanyang sarili sa tao bilang pagkain; ipinakikita nito na ang nais ng Diyos ay ang ibigay ang Kanyang sarili sa atin upang maging ating katamasahan—Gen. 2:7, 9; Aw. 16:11; Jer. 15:16.

D. Ang Roma 14:17 ay nagsasabi ng "kagalakan sa Espiritu Santo":
1. Ipinahihiwatig ng bersikulong ito na ang Espiritu ay may kaugnayan sa kagalakan; ang kagalakan ay isang katangian ng Espiritu—cf. 1 Tes. 1:6.
2. Ang kagalakan ay isa ring bunga ng Espiritu; ang nananahanang Espiritu ay nagbibigay-kagalakan sa mga mananampalataya—Gal. 5:22.
3. Kapag tayo ay nasa Espiritu, tayo ay nagagalak, lubhang nagagalak na maaari tayong umawit at sumigaw ng mga papuri sa Panginoon—cf. Gawa 16:25.
4. Tayo ay maaaring "nagagalak nang labis na kagalakang di-masambit at puspos ng kaluwalhatian"—1 Ped. 1:8:
   a. Ang kagalakang puspos ng kaluwalhatian ay kagalakang nababad sa loob ng Panginoon bilang kaluwalhatian; kaya, ito ay puspos ng kahayagan ng Diyos—Gawa 7:2, 55; 1 Ped. 5:10; 2 Ped. 1:3.
   b. Nagagalak tayo ng labis sa isang kagalakang nababad sa kaluwalhatian—1 Ped. 1:8.

**III. "Hayaan ang salita ni Kristo na manahang sagana sa inyo"—Col. 3:16:**

A. Ang salita ni Kriso ay ang salitang sinalita ni Kristo—Juan 6:63:
1. Sa Kanyang Bagong Tipang ekonomiya, ang Diyos ay nasasalita sa loob ng Anak—Heb. 1:1-2.
2. Ang Anak ay nagsasalita hindi lamang sa pamamagitan ng Kanyang sarili sa mga Ebanghelyo bagkus gayundin sa pamamagitan ng Kanyang mga sangkap, ang mga apostol at mga propeta, sa Mga Gawa, sa mga Liham, at sa Apocalipsis; lahat ng pagsasalitang ito ay maituturing na Kanyang salita.
3. Ang salita ni Kristo ay kinapapalooban ng buong Bagong Tipan, at kailangan nating mapuspusan ng salitang ito—Col. 3:16.

B. Ang salita ni Kristo sa katunayan ay ang persona ni Kristo—b. 16; Juan 15:4, 7:
1. Halos bigyang-katauhan ni Pablo ang salita ni Kristo; sinasabi niya sa atin na hayaan ang salitang ito na manahan sa atin, na tila ito ay isang buháy na persona—Col. 3:16; cf. Efe. 3:17.
2. Una, taglay natin si Kristo bilang buhay; pagkatapos taglay natin ang Kanyang buháy na salita na binigyang-katauhan bilang Kanyang personang nananahan sa loob natin—Col. 3:4, 16.
3. Yamang ang salita ni Kristo ay maaaring manahan sa loob natin, tiyak na ito ay isang buháy na persona; kaya, ang hayaan ang salita ni Kristo na manahan sa loob natin ay nagpapahiwatig na pinahihintulutan natin ang isang buháy na persona—si Kristo Mismo—na manahan sa loob natin—b. 16; 1:27.

C. Kailangan nating hayaan ang salita ni Kristo na manahanang sagana sa atin at magkaroon ng unang puwesto sa ating katauhan—3:16:

1. Ang salitang *hayaan* ay mahalaga; ang salita ni Kristo ay naririto na, subalit kailangan nating pahintulutang gumawa ito sa loob natin.
2. Upang ang salita ni Kriso ay manahanang sagana sa atin ay nangangahulugang ito ay naninirahan sa atin, pinananahanan tayo, sa isang mayamang paraan—b. 16.
3. Ang salitang Griyego na isinaling "manahan" ay literal na nangangahulugang "mapasaloob ng isang bahay," "ang manahan," "ang manirahan":
   a. Ipinapahiwatig nito na dapat nating pahintulutan ang salita ni Kristo na manahan sa loob natin, na manirahan sa atin, na gumawa ng tahanan sa loob natin—b. 16.
   b. Ang salita ng Panginoon ay dapat magkaroon ng sapat na silid sa loob natin upang makagawa at makapaghain ng kayamanan ni Kristo tungo sa loob natin—Efe. 3:8.
4. Ang salita ni Kristo ay dapat mabigyan ng kalayaan na makagawa sa loob natin, manirahan sa atin, at gumawa ng tahanan sa loob natin—Col. 3:16.

D. Kailangan nating hayaan ang salita ni Kristo na manahan sa atin upang maranasan natin ang mga pangsyon ng salita ng Diyos na gumagawa sa loob natin, naghahain ng kayamanan ni Kristo tungo sa ating katauhan—Efe. 3:8:
   1. Ang salita ng Diyos ay nagliliwanag (Awit. 119:105, 130), nagpapakain (Mat. 4:4; 1 Tim. 4:6), at nagdidilig sa atin upang mapawi ang ating kauhawan (Isa. 55:8-11).
   2. Ang salita ng Diyos ay nagpapalakas (1 Juan 2:14; Kaw. 4:20-22), naghuhugas (Efe. 5:26), at nagtatayo sa atin (Mga Gawa 20:32).
   3. Ang salita ng Diyos ay nagkukumpleto, nagpapasakdal (2 Tim. 3:15-17), at nagpapatibay sa atin sa pamamagitan ng pagpapabanal sa atin (Juan 17:17).
   4. Sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa salita ni Kristo na manirahan sa atin, maaari tayong maging isang Diyos-tao na puspos ni Kristo bilang realidad ng mga katangian ng Diyos—Col. 3:16-21; Fil. 4:5-8.

*© 2020 Living Stream Ministry*